Mga Batas sa Pang-aabuso at Pagpapabaya sa Bata ng Washington

Layong ng dokumentong ito na magbigay ng kaalaman tungkol sa mahahalagang batas sa pang-aabuso at pagpapabaya sa mga bata sa Washington at tumutukoy sa Revised Code of Washington (Nirebisang Kodigo ng Washington, RCW) at Washington Administrative Code (Pang-administratibong Kodigo ng Washington, WAC).

Ayos lang ba ang pisikal na pagdisiplina?

Oo, ang pisikal na pagdidisiplina sa isang bata, kabilang ang makatwirang paggamit o corporal na pagpaparusa, ay hindi itinuturing na pang-aabuso o labag sa batas kapag makatwiran at katamtaman at ipinapatupad ng isang magulang, guro, o tagapag-alaga para sa layunin ng pagpigil o pagwawasto sa bata. Ang edad, laki, at kondisyon ng bata, at ang lokasyon ng anumang naging pinsala ay dapat isaalang-alang sa pagtukoy kung maktwiran o katamtaman ang pinsala sa katawan. Maaaring kabilang sa iba pang salik ang antas ng pag-unlad ng kaisipan ng bata at kalikasan ng maling pag-uugali ng bata. Ang paniniwala ng isang magulang na kailangang parusahan ang isang bata ay hindi nagbibigay katwiran o nagpapahintulot sa paggamit ng sobra, labis o hindi makatwirang puwersa laban sa bata. Anumang paggamit ng puwersa sa isang bata ng sinumang iba pang tao ay labag sa batas maliban kung ito ay makatwiran, katamtaman at pinahihintulutan ng magulang o tagapangalaga ng bata para sa mga layunin ng pagpigil o pagwawasto sa bata.

- RCW 9A.16.100: **https://apps.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=9A.16.100**
- WAC 110-30-0030: **https://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=110-30-0030**

Ano ang labis o hindi makatwirang pisikal na puwersa at itinuturing na pisikal na pang-aabuso?

Ang ibig sabihin ng pang-aabuso ay sinasadyang pisikal na pananakit o pisikal na pagmamaltrato sa isang bata na nakakapinsala sa kalusugan, kagalingan o kaligtasan ng bata. Maaaring kabilang dito ang, ngunit hindi limatado sa, mga gayong pag-aksyon tulad ng:

(a) Pambabato, paninipa, panununog, o panunugat sa isang bata;

(b) Pang-aamba sa isang bata gamit ang kamao;

(c) Pag-alog sa isang bata na wala pang tatlong taong gulang;

(d) Paghadlang sa paghinga ng isang bata;

(e) Pagbabanta sa isang bata gamit ang isang nakamamatay na sandata; o

(f) Pagsasagawa ng anumang kilos na malamang na magdulot at makakapagdulot ng pinsala sa katawan na higit pa sa panandaliang sakit o maliit na pansamantalang marka o nakakapinsala sa kalusugan, kagalingan o kaligtasan ng bata.

- RCW 9A.16.100: **https://apps.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=9A.16.100**
- WAC 110-30-0030: **https://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=110-30-0030**

Ano ang itinuturing na sekswal na pang-aabuso?

Ang ibig sabihin ng sekswal na pang-aabuso ay paggawa o pagpayag na gumawa ng anumang sekswal na paglabag sa isang bata tulad ng ipinakahulugan sa criminal code. Ang sinasadyang paghipo, nang direkta o may damit, sa sekswal o iba pang maselan na bahagi ng isang bata o pagpayag, pagpapahintulot, pagpilit, paghihikayat, pagtulong, o magsasanhi sa isang bata na gawin ang paghipo sa sekswal o iba pang maselan na bahagi ng iba para sa layunin ng pagbibigay-kasiyahan sa sekswal na pagnanais ng taong humihipo sa bata, mismong bata, o third party. Ang isang magulang o tagapangalaga ng isang bata, isang taong pinahintulutan ng magulang o tagapangalaga na magbigay ng pangangalaga sa bata, o taong nagbibigay ng kinikilalang mga serbisyong medikal sa bata ay maaaring hipuin ang bata sa sekswal o iba pang maselan na bahagi para sa layunin ng pagbibigay ng hygiene (paglinis), pangangalaga sa bata, at medikal na paggamot o diyagnosis.

WAC 110-30-0030: **https://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=110-30-0030**

Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

Ano ang sekswal na pagsasamantala?

Kabilang sa sekswal na pagsasamantala ang, ngunit hindi limitado sa, sex trafficking at komersyal na sekswal na pagsasamantala dahil tinukoy ng batas ang mga salitang ito, at kabilang sa mga naturang aksyon ang pagpayag, pagpilit, paghihikayat, pagtulong, o magsasanhi sa bata na lumahok sa isa o higit pa sa mga sumusunod:

(a) Anumang gawaing pakikipagtalik kapag ang anumang bagay na may halaga ay ibinigay o tinanggap ng sinumang tao para sa gawaing pakikipagtalik;

(b) Tahasang sekswal, malaswa, o pornograpikong aktibidad na kukunan ng litrato, pag-video, o elektronikong ire-reproduce o ipapadala;

(c) Tahasang sekswal, malaswa, o pornograpikong aktibidad bilang bahagi ng live na performance o para sa kalamangan o sekswal na kasiyahan ng ibang tao.

WAC 110-30-0030: **https://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=110-30-0030**

Puwede ko bang iwan nang mag-isa ang aking anak sa sex offender (nagsala) kahit na sandali lang?

Hindi, ang pag-iwan sa bata sa pangangalaga ng sex offender ay isang pagkakasala, maliban kung nagbigay ang korte ng kautusan na nagpapahintulot sa offender na magkaroon ng hindi sinusubaybayan na pakikipag-ugnayan sa mga bata, o pinapayagan ang offender na magkaroon ng hindi sinusubaybayan na pakikipag-ugnayan sa batang pinag-uusapan sa ilalim ng plano para sa pagsasama-samang muli ng pamilya na inaprubahan ng korte, ng kagawaran ng pagwawasto, o department of social and health services (kagawaran ng mga serbisyong panlipunan at kalusugan) alinsunod sa mga patakaran ng kagawaran.

Ang isang tao ay krimen na nagkasala kapag iniwan ang bata sa pangangalaga ng isang sex offender kung ang tao ay (a) ang magulang ng bata; (b) ipinagkatiwala ang pisikal na kustodiya ng isang bata; o (c) nagtatrabaho upang ibigay sa bata ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay, at iniwan ang bata sa pangangalaga o kustodiya ng ibang tao na hindi isang magulang, tagapangalaga, o legal na tagapangalaga ng bata, na batid na ang tao ay natala o kinakailangang itala bilang isang sex offender sa ilalim ng estadong ito, o isang batas o ordinansa sa ibang hurisdiksyon na may katulad na kinakailangan, dahil sa sekswal na pagkakasala sa isang bata.

RCW 9A.42.110: **https://apps.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=9A.42.110**

Ano ang pagpapabayang pagtrato o pagmamaltrato?

Ang pagpapabayang pagtrato o pagmamaltrato ay nangangahulugan na pagkilos o hindi pagkilos, o pinagsama-samang epekto ng isang pattern ng pagkilos, pag-uugali, o hindi pagkilos sa bahagi ng magulang, legal na, tagabantay, tagapangalaga o caregiver ng bata na nagpapakita ng malubhang pagbabalewala sa mga konsekwensya sa bata at lumilikha ng maliwanag at kasalukuyang panganib sa kalusugan, kagalingan, o kaligtasan ng bata.

(a) Kapag isinasaalang-alang kung umiiral ang malinaw at kasalukuyang panganib, dapat bigyan ng mahalagang pagsasaalang-alang ang katibayan ng pag-abuso sa substance ng magulang bilang isang dahilan.

(b) Ang katotohanan na ang magkapatid ay naghahati sa isang silid ay hindi nagmumungkahi ng pagpapabayang pagtrato o pagmamaltrato.

(c) Ang kahirapan, kawalan ng tahanan, o pagkalantad sa karahasan sa tahanan na isinusulong laban sa isang tao maliban sa bata ay hindi nagmumungkahi na bahagi ng pagpapabayang pagtrato o pagmamaltrato.

(d) Hindi kailangang dumanas ang isang bata ng aktwal na pinsala o pisikal o emosyonal na pinsala upang malagay sa mga sitwasyon na lumilikha ng malinaw at kasalukuyang panganib sa kalusugan, kagalingan, o kaligtasan ng bata.

(e) Maaaring kabilang sa pagpapabayang pagtrato o pagmamaltrato ang, ngunit hindi limitado sa isa o higit pa sa mga sumusunod:

  (i) Kabiguan na magbigay ng sapat na pagkain, tahanan, damit, pagsubaybay, o pangangalaga sa kalusugan na kinakailangan sa kalusugan, kagalingan, kaligtasan ng bata, kung ang gayong pagkabigo ay nagpapakita ng malubhang pagbabalewala sa konsekwensya sa bata at lumilikha ng malinaw at kasalukuyang panganib sa kalusugan, kagalingan, o kaligtasan ng bata.

  (ii) Mga pag-aksyon, hindi pag-aksyon, o mga omisyon na naging dahilan ng pinsala o panganib sa pisikal, emosyonal, at/o pag-unlad ng kaisipan ng isang bata, kung ang naturang pagkabigo ay nagpapakita ng malubhang pagbabalewala sa mga konsekwensya sa bata at lumilikha ng malinaw at kasalukuyang panganib sa kalusugan, kagalingan, o kaligtasan ng bata.

  (iii) Ang pinagsama-samang epekto ng pattern ng pagkilos, pag-uugali, o hindi pagkilos ng magulang o tagapangalaga sa pagbibigay ng pisikal, emosyonal, o developmental na pangangailangan ng bata, kung ang nasabing pagkabigo ay nagpapakita ng malubhang pagbabalewala sa mga konsekwensya sa bata at lumilikha ng malinaw at kasalukuyang panganib sa kalusugan, kagalingan, at kaligtasan ng bata.

(iv) Ang mga epekto ng paulit-ulit na pagkabigo sa bahagi ng magulang o tagapangalaga na isagawa ang pangunahing tungkulin ng magulang, mga obligasyon, o responsibilidad na nagdudulot ng pinsala o malaking pinsala sa pisikal, emosyonal, o pag-unlad ng kaisipan ng bata, kung nagpapakita ito ng malubhang pagbabalewala sa mga konsekwensya sa bata at lumilikha ng malinaw at kasalukuyang panganib sa kalusugan, kagalingan, o kaligtasan ng bata.

WAC 110-30-0030: **https://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=110-30-0030**

---

*Kung gusto mong magkaroon ng mga kopya ng dokumentong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Pakikipag-ugnayan ng mga Nasasakupan ng DCYF) sa (1-800-723-4831 | 360-902-8060, **ConstRelations@dcyf.wa.gov**).* DCYF PUBLICATION CWP_0081 TA (03-2025) Tagalog